

KABISAAN NG GURO AT METAKOGNITIBONG KAMALAYAN SA MGA
ESTRATEHIYA SA PAGBASA NG MGA MAG-AARAL NG EDUKASYONG
PANSEKUNDARYA NG UM PANABO COLLEGE

Undergradweyt Tesis na Iniharap
Sa Tesis Komite ng UM Panabo College
Panabo city

Bilang Bahagi sa
Pagtupad ng mga Pangangailangan
Sa Asignaturang EdRES



Danica R. Bantique
Jessiree F. Pantilgan

UM Panabo College LIC



Marso 2020

DAHON NG PAGTANGGAP

Ang tesis na ito na may pamagat na **Kabisaan ng Guro at Metakognitibong Kamalayan sa mga Estratehiya sa Pagbasa ng mga Mag-aaral ng Edukasyong Pansekundarya ng UM Panabo College** ay isinagawa at ipinasa nina **Bantique, Danica R. at Pantilgan, Jessiree F.** para sa pagtupad ng pangangailangan sa asignaturang EdRES sa Departamento ng Kaguruan (Department of Education), UM Panabo College, lungsod ng Panabo ay buong tinanggap.




AMELIE L. CHICO, DM, FRIM
Research Coordinator



LIEZEL V. CHAN, Ph. D.
Dean of College
UM Panabo College

DAHON NG PAGPAPATIBAY AT PAG-EENDORSO

Ang tesis na ito na may pamagat na **Kabisaan ng Guro at Metakognitibong Kamalayan sa mga Estratehiya sa Pagbasa ng mga Mag-aaral ng Edukasyong Pansekundarya ng UM Panabo College** ay isinagawa at ipinasa nina **Bantique, Danica R.** at **Pantilgan, Jessiree F.** para sa pagtupad ng pangangailangan sa asignaturang EdRES na sinuri, tinanggap, at buong iniendorso.



JOYCE B. HERNANDO, MaEd
Tagapayo


LUPON NG TAGASURI

Tinanggap at sinang ayunan pagkatapos ng pagsusuri sa panahon ng pinal na pagsusuri bilang katuparan sa pangangailangan ng EdRES.

Buong sikap na iniendorso para sa pagpapatibay ni **Dr. Liezel V. Chan**, Dekana ng Kolehiyo ng UM Panabo College, Panabo City.



AMELIE L. CHICO, DM, FRIM
Kasapi



JEANILYN E. TACADENA, Ph. D
Tagapangulo

TESIS ABSTRAK

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay upang malaman ang makabuluhang ugnayan ng Kabisaan ng Guro at Metakognitibong Kamalayan sa mga Estratehiya sa Pagbasa ng mga Mag-aaral ng Edukasyong Pansekundarya ng UM Panabo College, sa unang termino ng unang semestre (*1st term, 1st sem*) sa taong panuruan 2019-2020 gamit ang *random sampling*. Ang kabisaan ng guro ay mayroong indiketyor na kabisaan sa pagtuturo; kabisaan sa pagdidisiplina; kabisaan sa pagtala ng mga gawaing kasangkot ang mga magulang; kabisaan sa pagtala ng mga gawaing kasangkot ang komunidad; at kabisaan sa paglikha ng positibong kapaligiran sa loob ng paaralan (Albert Bandura, 1999). Ang metakognitibong kamalayan ng mga mag-aaral sa mga estratehiya sa pagbasa ay mayroong indiketyor na mga pangkalahatang estratehiya sa pagbasa; mga estratehiya sa pagtugon sa suliranin; at mga pansuportang estratehiya sa pagbasa (Mokhtari at Reichard, 2002). Ito ay ginamitan ng *non-experimental correlation* na disenyo at istadistikang pamamaraan na *Mean at Pearson (r)*. Ayon sa resulta ng pag-aaral mayroong makabuluhang ugnayan ang kabisaan ng guro at metakognitibong kamalayan ng mga mag-aaral sa mga estratehiya sa pagbasa.

Susing Kaalaman: Kabisaan ng Guro at Metakognitibong Kamalayan ng mga Mag-aaral sa mga Estratehiya sa Pagbasa

PASASALAMAT AT PAGKILALA

Ang mananaliksik ay taos-pusong nagpapasalamat sa mga taong naging bahagi sa isinagawang pananaliksik.

Una, sa **Poong Maykapal** na may lalang ng lahat ng bagay, sa Kanyang walang sawang pagbubuhos ng biyaya ng kaalaman at karunungan sa mananaliksik upang mapagtagumpayan ang gawaing ito;

Joyce B. Hernando, ang nagsilbing tagapayo sa kanyang walang sawang pagbibigay puna mula sa simula tungo sa ikaayos ng papel pananaliksik na ito.

Dr. Amelie L. Chico at Dr. Jeanilyn E. Tacadena, ang mga tagasuri na nagbahagi ng kanilang kahusayan sa mananaliksik sa pamamagitan ng pagbibigay puna upang maging maayos ang papel na ito;

Dr. Liezel V. Chan, ang naging statistician na nagbahagi ng kanyang kaalaman upang mabigyang linaw ang resulta ng pag-aaral na ito;

Sa mga magulang ng mananaliksik na sina Mr. & Mrs. Bantique at Mrs. Pantilgan sa kanilang walang sawang paggabay at pagbibigay ng moral at pinansyal na suporta lalo na sa ikatatagumpay ng gawaing ito;

Sa mga kapamilya, mga kaibigan at lahat ng naging bahagi sa pagsasakatuparan ng gawaing ito, **MARAMING SALAMAT PO!**

Bantique

Pantilgan

PAGHAHANDOG

Ang tesis na ito ay taos-pusong inihahandog ng mga mananaliksik sa kanilang mga pinakamamahal na mga magulang, kapatid, kaibigan, sa lahat ng mga taong nasa likod na sumuporta sa pag-aaral na ito at higit sa lahat sa Poong Maykapal na may bigay ng lahat ng bagay sa mundo.

-Bantique

-Pantilgan

TALAAN NG NILALAMAN

Pamagat	i
Dahon ng Pagtanggap	ii
Dahon ng Pagpapatibay at Pag-eendorso	iii
Tesis Abstrak	iv
Pasasalamat at Pagkilala	v
Paghahandog	vi
Talaan ng Nilalaman	vii
Talaan ng Talahanayan	ix
Talaan ng Talaguhitan	x

Kabanata	Pahina
1 ANG SULIRANIN AT KALIGIRAN NITO	
Sanligan ng Pag-aaral	1
Paglalahad ng Suliranin	3
Haypotesis	4
Balangkas na Teoritikal at Konseptwal	4
Kahalagahan ng Pag-aaral	8
Depinisyon ng Terminolohiya	8
2 MGA KAUGNAY NA PAG-AARAL AT LITERATURA	11
3 METODO	
Disenyo ng Pananaliksik	19
Sabjek ng Pananaliksik	19
Instrumentong Pampananaliksik	20
Pamaraan sa Pangangalap ng Datos	22
Paraan at Istatistikang Ginamit sa Pananaliksik	23
4 PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS	
Lebel ng Kabisaan ng Guro	24

Lebel ng Metakognitibong Kamalayan sa mga Estratehiya sa Pagbasa	34
---	----

Makabuluhang Ugnayan sa Pagitan ng Kabisaan ng Guro at Metakognitibong Kamalayan ng mga Mag-aaral sa mga Estratehiya sa Pagbasa	43
---	----

5 BUOD, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Buod	47
------	----

Konklusyon	48
------------	----

Rekomendasyon	49
---------------	----

TALASANGGUNIAN

APENDIKS

- A. Liham ng Pahintulot para sa Respondente
- B. Liham ng Pahintulot para sa Balidasyon sa Talatanungan
- C. Papel ng Balidasyon
- D. Talatanungan
- E. Grammarly Certification
- F. Certificate of Appearance

PANSARILING DATOS

TALAN NG TALAHANAYAN

Talahanayan	Pahina
1. Distribusyon ng mga Respondente	20
2. Lebel ng Kabisaan ng Guro	25
3. Lebel ng Metakognitibong Kamalayan sa mga Estratehiya sa Pagbasa	35
4. Makabuluhang Ugnayan sa Pagitan ng Kabisaan ng Guro at Metakognitibong Kamalayan ng mga Mag-aaral sa mga Estratehiya sa Pagbasa	44

TALAAN NG TALAGUHITAN

Talaguhitan	Pahina
1. Konseptwal na Balangkas ng Pag-aaral	5

Kabanata 1

ANG SULIRANIN AT KALIGIRAN NITO

Sanligan ng Pag-aaral

Ang pagbasa ay isang komplikadong prosesong pangkaisipan na hindi natural na namamana katulad ng pagsasalita at pakikinig. Ang isang tao ay natututong magsalita at makinig nang walang pormal na pag-aaral taliwas sa pagbasa na kinakailangang ituro upang matutunan (Grabe & Stoller, 2002, as cited in Usó-Juan & Martínez-Flor, 2006).

Ang estratehiya sa pagbasa ay tumutukoy sa mga hakbang na pinili ng mambabasa upang matulungan siya sa kanyang binabasa. Ito ay ginagamit nang may kamalayan at hindi awtomatiko (Paris, Wasik & Turner, 1991, as quoted in Shikano, 2013, p.12). Itinuturing din ito bilang susing salik para sa mahusay na pagbabasa yamang ang mga mag-aaral na may metakognitibong kamalayan ay tuwirang ginagamit ang mga estratehiya sa epektibong paraan (Carrell et al, 1989; Sheorey & Mokhtari, 2001). Sa kabila ng pagkakaisa tungkol sa kahalagahan ng metakognitibong kamalayan sa mga estratehiya sa pagbasa, limitado parin ang mga naisagawang pag-aaral tungkol dito na may kaugnayan sa iba't ibang populasyon; lebel ng kasanayan ng mga mambabasa at layunin sa pagbasa na siyang salik sa pagtukoy nito (Mokhtari & Sheorey, 2002; Anderson, 2002).

Sa kabilang banda, sa pangkalahatang konteksto, ayon kina Sheorey at Mokhtari (2001) may mga pag-aaral ang kumikilala sa tungkulin ng metakognitibong kamalayan sa pagbasa nang may pag-unawa, hindi lamang

sa unang wika maging sa pangalawang wika. Patunay lamang na ang estratehiyang pangkamalayan at pagsusubaybay sa proseso nang pag-unawa ay kapwa kritikal na mahalagang aspeto sa epektibong pagbasa.

Sa kabilang banda, sa pambansang lebel, isang pag-aaral ang isinagawa ni Batang (2015) sa Isabela State University. Ayon sa kanya, kinakailangang turuan ang mga mag-aaral ng mga estratehiya sa pagbasa. Ang mga gurong tagalinang ng kakayahan sa pagbasa nang may pag-unawa ay dapat na tayahin ang estratehiyang pangkamalayan ng mga mag-aaral gamit ang metakognitibong pag-unawa.

Sa UM Panabo College, mapapansin na ilan sa mga mag-aaral ay mayroon paring kahirapan sa pag-unawa ng mga akademikong sulatin. Isa sa mga propesor ang nagsabi na hindi sapat ang mga estratehiya ng mga mag-aaral sa pagbasa kung kaya't nahihirapan silang unawain ang buong teksto. Ang resulta nito'y,apektado ang kanilang akademikong pagganap.

Sa kadahilanang ito, isang pag-aaral ang isinagawa sa UM Panabo College upang tukuyin ang lawak ng kamalayan ng mga mag-aaral hinggil sa paggamit ng mga iba't ibang estratehiya sa pagbasa. Kaugnay nito, ang pag-aaral ay dinisenyo upang suriin ang metakognitibong kamalayan ng mga mag-aaral sa mga estratehiya sa pagbasa Tinangka din ng pag-aaral na ito na magkaroon ng higit pang kaalaman tungkol sa mga estratehiya na ginagamit ng mga mag-aaral sa pagbasa ng mga akademikong sulatin.

Gayon din, layunin ng pag-aaral na alamin kung mayroong makabuluhang ugnayan o wala ang kabisaan ng guro at metakognitibong kamalayan ng mga mag-aaral sa mga estratehiya sa pagbasa.

Paglalahad ng Suliranin

Ninanaais ng mga mananaliksik na magkaroon ng ibayong pag-aaral hinggil sa kung mayroon o walang epekto ang kabisaan ng guro sa meta-kognitibong kamalayan ng mga mag-aaral sa mga estratehiya sa pagbasa. Layunin din ng pag-aaral na ito na masagutan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang lebel ng kabisaan ng mga guro sa tersyarya batay sa:

1.1 Kabisaan sa pagtuturo;

1.2 Kabisaan sa pagdidisiplina;

1.3 Kabisaan sa pagtala ng mga gawaing kasangkot ang mga magulang;

1.4 Kabisaan sa pagtala ng mga gawaing kasangkot ang komunidad; at

1.5 Kabisaan sa paglikha ng positibong kapaligiran sa loob ng paaralan?

2. Ano ang lebel ng metakognitibong kamalayan sa mga estratehiya sa pagbasa ng mga mag-aaral ng Edukasyong Pansekundarya batay sa:

2.1 Mga Pangkalahatang estratehiya sa pagbasa;

2.2 Mga Estratehiya sa pagtugon sa suliranin; at

2.3 Mga pansuportang estratehiya sa pagbasa?

3. Mayroon bang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kabisaan ng

guro at metakognitibong kamalayan ng mga mag-aaral sa mga estratehiya sa pagbasa?

Haypotesis


Batay sa pahayag na inilahad bilang ikatlong suliranin, ang mga mananaliksik ay nakabuo ng *null haypotesis* na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kabisaan ng guro at metakognitibong kamalayan ng mga mag-aaral sa mga estratehiya sa pagbasa.

Balangkas na Teoritikal at Konseptwal

Ang pag-aaral na ito ay ibinatay sa teoryang 'Metakognisyon' ni John Flavell (1979). Ayon sa kanya, ang metakognisyon ay nangangahulugang 'pag-iisip tungkol sa iniisip'. Ayon naman kina Jacobs at Paris (1987) ang metakognisyon ay tumutukoy sa kahit na anong impormasyon tungkol sa prosesong pangkognitibo na maaaring maibahagi sa iba. Dagdag pa nito ayon kay Anderson (2002) ang Metakognisyon ay nangangahulugan bilang "pag-iisip tungkol sa iniisip" kung kaya't, metakognisyon sa pagbasa ay maaaring ipakahulugan na "pag-iisip tungkol sa binabasa."

Ang teoryang ito ay sinuportahan ni Ryan (2016) na ayon sa kanya, ang mental na kamalayan sa iba't ibang estratehiya sa pagbasa ay nangangailangan ng kakayahang gamitin ang mga ito para sa epektibong pagbasa. Ang mga estratehiya sa pagbasa ay sumasaklaw sa mga pangkalahatang estratehiya, estratehiya sa pagtugon sa suliranin, at pansuportang estratehiya.

Ang mga pangkalahatang estratehiya sa pagbasa ay maaaring isipin



Talaguhitan 1: Konseptwal na Balangkas ng Pag-aaral

na pangkalahatang pamamaraan na maaaring gamitin ng isang tao habang nagbabasa. Kadalasan, sangkot nito ang matamang pag-iisip tungkol sa paksa at dahilan kung bakit ito binabasa; at karamihan sa mga pamamaraang ito ay nangangailangan nang higit na kaalaman sa teksto.

Gayundin, ang mga estratehiya sa paglutas ng mga suliranin ay tumutukoy sa mga estratehiya na maaaring gamitin ng isang tao sa paglutas ng mga problema habang nagbabasa (Ryan, 2016). Ang mga estratehiyang ito ay nakakatulong sa mga mambabasa na talakayin ang mga problema habang ang teksto ay nagiging mahirap nang maunawaan (Rastegar et. al., 2017).

Mga pansuportang estratehiya naman ay mga estratehiyang ginagamit upang makapagbigay ng tulong habang nagbabasa para sa ikadaragdang nang pag-unawa at memorya. Ang paggamit ng mga pansuportang estratehiya sa pagbasa ay nakakatulong sa mga mag-aaral na makalikha ng ugnayan at pantulong para sa praktikal na aplikasyon ng mga kaalamang kanilang matututunan (Ryan, 2016).

Ang mga metakognitibong estratehiyang ito ay maaaring i-modelo ng guro sa kanyang mga mag-aaral. Ang pagtuturo nito ay nakapagpapataas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagpapataas ng kanilang kamalayan sa iba't ibang mga estratehiya at pagtulong sa kanila sa pamimili ng angkop at tamang mga estratehiya sa pagkatuto. Kaugnay nito, mahalaga na ang mga metakognitibong estratehiya ay maituro upang matugunan ang gawaing pampagkatuto. Ganunpaman, ang pagtuturo nito ay malaking hamon sa kabisaan ng guro sa kanyang pagtuturo (Byrne, 2018).

Ayon kina Tschannen-Moran, Woolfolk-Hoy, & Hoy (1998) ang 'kabisaan ng mga guro' ay tumutukoy sa kanilang paniniwala sa sariling kakayahan sa pagsasaayos at pagsasagawa ng mga kinakailangang aksyon upang makamtan ang hinahangad na resulta.

Ang mga taong may mababang kabisaan ay naniniwala na may mga bagay na sadyang mahirap gawin. Ayon kay Bandura (1997), ang mga taong may pagdududa sa sariling kakayahan ay may inklinasyon na takasan at iwasan ang mga hamon at mahihirap na gawain. Kasalungat nito, ang mga taong may positibong paniniwala sa kanilang sariling kakayahan ay tinatanaw ang mga mahihirap na gawain bilang mga sitwasyon na maaaring malampanan at masolusyunan. Ang mga taong ito ay nagtatakda ng mga layunin at nagsisikap upang makamtan ang mga ito.

Isiniwalat nina Ashton at Webb (1986) sa kanilang pag-aaral na ang mga gurong may mataas na kabisaan ay higit na mabuti kaysa sa mga gurong may mababang kabisaan sa pagsasaayos, pagpaplanong pampagtuturo, pagtatanong, pagpapaliwanag at pagbibigay ng pidbak sa mga mag-aaral na nahihirapan sa klase. Sa madaling salita, apektado ng kakayahan ng guro sa pagtuturo ang paglinang ng metakognitibong kamalayan ng mga mag-aaral sa iba't ibang mga estratehiya kaugnay ng pagkatuto partikular ang paglinang sa mga estratehiya sa pagbasa ng mga mag-aaral (Byrne, 2018).

Sa kabuuan, ang lahat ng mga teoryang inilahad ay ginamit bilang batayan sa pagtatag nang mahalagang ugnayan kung mayroon man sa pagitan nang kabisaan ng guro at meta-kognitibong kamalayan ng mga mag-

aaral sa mga estratehiya sa pagbasa.

Kahalagahan ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay mahalaga sapagkat mapapakinabangan ito ng mga sumusunod:

Tagapangasiwa ng Paaralan. Ang impormasyon na ibinigay ng pag-aaral na ito ay magsisilbing batayan sa pagpapaunlad ng kurikulum maging sa pagpapatakbo ng mga programa nang maayos. Ang resulta ay nakapagbigay ng mga kinakailangang impormasyon na magbibigay nang balanse sa sistema ng edukasyon ng paaralan sa pamamagitan nang pagsasaalang-alang ng mga gawaing makalilintang ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagkuha ng impormasyon kagaya nang pagtuturo ng iba't ibang estratehiya sa pagbasa.

Mga Guro. Makakakuha sila ng kaalaman at makapagmuni-muni hinggil sa paggamit ng iba't ibang pedagogikal na dulong sa paglinang ng kaalaman ng mga mag-aaral. Gayon din, sila ay maaaring umayos, bumago at lumikha ng panibagong pamamaraan sa pagtuturo.

Mga Mag-aaral. Mabubuksan ang kanilang mga isipan sa iba't ibang estratehiya sa pagbasa na makakatulong sa kanila sa mabisang pagkuha ng mga impormasyon. Ang kanilang kamalayan sa iba't ibang estratehiya ay makakatulong sa kanila lalo na sa pagbabasa ng mga mahihirap na teksto.

Depinisyon ng Terminolohiya

Ang mga sumusunod na terminolohiya ay ginamit sa pananaliksik. Ang mga ito ay binigyan ng kahulugang konseptwal at operasyunal.

Kabisaan ng Guro. Ang konseptwal na kahulugan nito ay ang paniniwala ng mga guro sa kanilang sariling kakayahan sa pagsasaayos at pagsasagawa ng mga kinakailangang aksyon upang makamtan ang hinahangad na resulta (Tschannen-Moran, Woolfolk-Hoy, & Hoy, 1998). Ang kabisaan ng guro ay ipinapalagay na isang oryentasyong pagganyak na sumasalamin sa kanyang paniniwala sa sariling kakayahan sa paggawa ng mga gawaing pampagtuturo.

Sa operasyunal na pagpapakahulugan, ito ay tumutukoy sa pagiging epektibo ng isang guro sa pagtuturo. Iniuugnay din ito sa kakayahan ng gurong gamitin ang iba't ibang metodo at estratehiya sa pagtuturo maging ang kanyang kakayahang isangkot ang mga *stakeholders* sa lalo pang ikabubuti ng edukasyon ng mga mag-aaral. Sa kabuuan isinasangkot dito ang kabisaan ng guro sa pagtuturo; sa pagdidisiplina; sa pagtala ng mga gawaing kasangkot ang mga magulang; sa pagtala ng mga gawaing kasangkot ang komunidad at; sa paglikha ng positibong kapaligiran sa loob ng paaralan.

Metakognitibong kamalayan ng mga mag-aaral sa mga estratehiya sa pagbasa. Ang konseptwal na kahulugan nito ay ang mga gawaing isinasagawa ng mambabasa katulad ng pagpapalano, pagsusubaybay o pagtataya ng tagumpay sa isang partikular na gawaing pampagkatuto (O'Malley & Chamot, 1994).

Sa pag-aaral, ang metakognitibong kamalayan ng mga mag-aaral sa mga estratehiya sa pagbasa ay operasyunal na nangangahulugan bilang mental na kamalayan ng mga mag-aaral hinggil sa iba't ibang estratehiya sa pagbasa. Ginamit ito upang iugnay sa kakayahan ng mga mag-aaral na pumili

ng mga tamang estratehiya sa pagbasa sapagkat sila ay may mental na kamalayan tungkol dito na kanilang magagamit para sa epektibong pagbasa. Sa kabuuan, isinasangkot dito ang kamalayan ng mga mag-aaral sa mga pangkalahatang estratehiya sa pagbasa; mga estratehiya sa pagtugon sa suliranin at; mga pansuportang estratehiya sa pagbasa.

Kabanata 2

MGA KAUGNAY NA PAG-AARAL AT LITERATURA

Sa kabanatang ito inilahad ang mga kaugnay na pananaliksik na nagbigay ng dokumentasyon at suporta para sa layunin ng pag-aaral na ito.

Kabisaan ng Guro

Ang pag-aaral tungkol sa kabisaan ng guro ay nagsimula sa ebalwasyon ng mga mananaliksik ng RAND tungkol sa kung naniniwala ba ang mga guro na kaya nilang kontrolin ang mga gawaing makapagpapatibay ng kanilang aksyon (Armor et al., 1976). Ang pag-aaral na ito ay ibinatay sa teorya ni Rotter (1996) *locus of control* na kung saan ipinagpalagay na ang natutunan ng mga mag-aaral at kanilang motibasyon ay kapwa nagpapatibay ng gawaing pampagtuturo.

Sa kabilang banda, isa pang pag-aaral ang isinagawa nina Ashton at Webb (1986). Ito ay nakasentro sa *two-dimensional construct* ni Bandura (1977). Isiniwalat nina Ashton at Webb (1986) na ang mga gurong may mataas na kabisaan ay higit na mabuti kaysa sa mga gurong may mababang kabisaan sa pagsasaayos, pagpaplanong pampagtuturo, pagtatanong, pagpapaliwanag at pagbibigay ng pidbak sa mga mag-aaral na nahihirapan sa klase.

Kaugnay nito, isang pag-aaral tungkol sa kabisaan ng guro ang isinagawa nina (Mojavezi et al., 2012) na pinamagatang: *The Impact of Teacher Self-efficacy on the Students' Motivation and Achievement*. Isiniwalat nito na mayroong positibong ugnayan sa pagitan ng kabisaan ng guro at motibasyon ng mag-aaral. Kung kaya't masasabi na positibong naiimpluwen-

syahan ng kabisaan ng guro ang motibasyon ng mga mag-aaral.

Kabisaan sa Pagtuturo. Ang paniniwala ng guro sa sariling kabisaan sa pagtuturo ay isang paghuhusga sa kanyang kakayahang magturo sa mga mag-aaral tungo sa paghangad ng mga inaasahang bunga ng pakikilahok at pagkatuto kahit na sa mga mag-aaral na may kahirapan sa pagkatuto at walang motibasyon. Ang gawaing pagtuturo ng mga guro ay naiimpluwensyahan ng kanilang paniniwala sa kanilang sariling kabisaan. (Tschannen-Moran, Hoy, & Hoy 1998).

Kabisaan sa Pagdidisiplina. Si Bandura (1997) ay naniniwala na ang pagiging mabisa ng isang guro ay bahagyang natutukoy sa kanilang kabisaan sa pagpapanatili ng kaayusan sa klase na kung saan nakakatulong sa pagkatuto. Isang pag-aaral ang naglahad na ang sariling kabisaan ng guro ay nakakaapekto sa paraan ng kanilang pagtuturo at pagbibigay ng kaayusan sa pangangasiwa ng silid-aralan (Bandura, 1997). Higit pa roon, ang paninwala ng mga guro sa kanilang kabisaan ay nakakaapekto sa kanilang paraan nang pangangasiwa sa klase lalo na sa pagharap sa mga di- kaaya-ayang kaasalan ng mga mag-aaral.

Kabisaan sa Pagtala ng mga Gawaing Kasangkot ang mga Magulang. Ang pakikilahok ng mga magulang ay kadalasang kinakatawan nang iba't ibang paraan at maaaring tawagin sa terminong pakikilahok ng pamilya; pakikilahok ng magulang; samahan ng pamilya at paaralan; pakikipagkasundo ng magulang; samahan ng guro at pamilya; at pakikilahok ng magulang at paaralan (Cheung & Pomeranz, 2012; Hill & Craft, 2003; Hindman & Morrison, 2011; Patte, 2011; Ratcliff & Hunt, 2009). Kahit na may pagkakaiba sa terminolohiya, ang hangarin nito ay makalikha ng positibong

kapaligiran ng mga magulang at paaralang sama-samang gumagawa sa ikauunlad nang tagumpay ng mag-aaral. Tinitingnan ang mga guro bilang pangunahing kontak sa paaralan at sa pamamagitan ng kanilang pagsuporta sa pakikilahok ng mga magulang, tumataas ang tagumpay ng mag-aaral (Radzi, Razak, & Sukor, 2010).

.Ang kabisaan ng mga guro sa pagtala ng mga gawaing kasangkot ang mga magulang. ay nangangailangan ng kanilang paniniwala, pagpapahalaga at naunang mga karanasan na nakaiimpluwensya sa kanilang pananaw at nagpapadali nang pakikilahok ng mga magulang. Ang mga guro ay mayroong mga opinyon, paniniwala at mga naunang karanasan na maaaring makaiimpluwensya sa kanilang kagustuhang mahikayat ang pakikilahok ng mga magulang bilang isang metodo sa ikauunlad ng tagumpay ng mag-aaral (Patte, 2011). Ang paniniwala ng guro sa kanyang sariling kakayahan ang bumubuo sa kanyang kabisaan bilang pangunahing tagapagtaguyod ng prosesong pagtuturo at pagkatuto.

Kabisaan sa Pagtala ng mga Gawaing Kasangkot ang Komunidad.

Ang epektibong lider ng paaralan ay maghahanap ng mga paraan upang makaabot sa buong komunidad ang gawain sa paaralan (Liu, 2009). Ang mga pinuno ng paaralan, kagaya ng mga guro, ay dapat na maging mabisa sa panghihikayat sa komunidad na makiisa sa mga gawaing- pampagkatuto lalo pa't ang mga mag-aaral ay maaaring makinabang nang husto mula sa paaralan na kung saan ang mga kasapi ng komunidad ay aktibong nakikilahok sa iba't ibang gawain ng paaralan. Ang ideyang ito ay sinuportahan ni Meador (2010) na nagsabi na ang mga komunidad na buong-pusong sumusuporta sa kanilang paaralan ay mayroong isang paaralang

epektibo. Ang mga komunidad naman na hindi nagbigay ng suporta ay magkakaroon ng mga paaralang hindi gaanong epektibo

Kabisaan sa Paglikha ng Positibong Kapaligiran sa Loob ng Paaralan. Kabisaan sa paglikha ng positibong kapaligiran sa loob ng paaralan ay isa ring domeyn ng pansariling kabisaan. Ang potensyal na mahalagang elemento sa kapaligirang pangguro na may kinalaman sa pansariling kabisaan ay ang kapaligiran ng paaralan. Ang malakas na paniniwala sa sariling kabisaan ay makikita sa mga gurong may pananaw para sa positibong kapaligiran ng paaralan (Moore & Esselman, 2008) at malakas na pag-udyok para sa akademikong pagganap ng mga kawani ng paaralan (Hoy & Woolfolk, 2009)..

Metakognitibong Kamalayan ng mga Mag-aaral sa mga Estratehiya sa Pagbasa

Metakognisyon ay nangangahulugan bilang “pag-iisip tungkol sa iniisip” (Anderson, 2002) kung kaya’t, metakognisyon sa pagbasa ay maaaring ipakahulugan na “pag-iisip tungkol sa binabasa.” Ang pag-unawa ng mga mambabasa ay apektado ng metakognisyon (Ceylan & Harputlu, 2015), idagdag pa na ang interaksyon sa teksto; mental na paglalarawan ng mambabasa at metakognitibong estratehiya ay siyang bumubuo ng kanilang “aktwal na pagbabasa.” Ang metakognitibong kamalayan sa estratehiya sa pagbasa ay nakakatulong sa mga mag-aaral na subaybayan o i-monitor ang kanilang pangkognitibong estratehiya. Ang mga ito ay pinaniniwalan na pag-iisip tungkol sa iniisip at binigyang kahulugan bilang isang pagpapalano, intensyunal, nakadirekta sa layunin at may panghinaharap na oryentasyon sa proseso ng pag-iisip na maaaring gamitin sa pagganap ng mga pangkogniti-

bong mga gawain (Salaki & Akyei, 2002; Phakit, 2003).

Isang pag-aaral ang isinagawa ni Meng (2004 na binanggit naman nina Ismael at Tawalbeh, 2014), sa pagsasanay ng mga mag-aaral ng EFL sa kolehiyo sa paggamit ng mga estratehiya sa pagbasa sa target na wika. Iniulat niya ang epekto nang paggamit ng mga estratehiya sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Bilang kongklusyon, sinabi niya na ang pagsasanay sa paggamit ng mga estratehiya ay may mahalagang epekto sa pagpapabuti ng kanilang kasanayan sa pagbasa nang mahusay. Ang mga mag-aaral ay may kakayahang maunawaan ang pangunahing kaisipan sa binabasang teksto nang mas mabuti at sila mismo ay makalilikha ng ugnayan sa pagitan ng binabasang sipi at ng kaalaman sa mundo nang mas epektibo.

Kaugnay na pag-aaral tungkol sa paggamit ng metakognitibong stratehiya ang isinagawa nina Ismail at Tawalbeh (2014). Bilang kongklusyon, sinabi nila na ang paggamit ng stratehiya sa pagbabasa ay nakakatulong sa mga mambabasa upang matugunan ang mga problemang dumadating habang nagbabasa ng wikang dayuhan at idagdag pa, maaari ding mapabuti ang kakayahan sa pag-unawa ng isang indibidwal. (pahina 80). Karagdagan pa niyan, ang bunga nang isinagawang mga pagsubok sa pag-aaral (e.g. Wenden, 2001; Cubukcu, 2008; Huang at Newbern, 2012, na binanggit nina Ismail at Tawalbeh, 2014) ay nag-ulat nang mahalagang pagdagdag sa kahusayan sa pagbabasa ng mga mag-aaral ng ESL kasunod ng pagsasanay sa meta-kognitibong estratehiya.

Hiwalay sa mga naunang nabanggit na pag-aaral, Solak at Altay (2014), ay nakapokus sa pinakagamiting stratehiya sa pagbasa ng mga mag-

aaral ng ELT. *Metacognitive Awareness of Reading Strategies Inventory (MARS)* Questionnaire ang ginamit sa pagkolekta ng mga datos tungkol sa kamalayan ng mga mag-aaral at paggamit nila ng mga estratehiya sa pagbabasa ng mga akademikong sulatin. Bilang kongklusyon, sa huli, sinabi nina Solak at Albay na kahit pantay sa pamimili ng mga estratehiya ang mga mag-aaral sa ELT, sila ay may malaking pagkiling sa paggamit ng mga estratehiya sa pagtugon sa suliranin o *problem-solving strategies* kaysa sa pangkalahatan at pansuportang mga estratehiya.

Mga Pangkalahatang Estratehiya sa Pagbasa. Pangkalahatang estratehiya sa pagbasa ay maaaring isipin na pangkalahatang pamamaraan na maaaring gamitin ng isang tao habang nagbabasa. Kadalasan, sangkot nito ang matamang pag-iisip tungkol sa paksa at dahilan kung bakit ito binabasa; at karamihan sa mga pamamaraang ito ay nangangailangan nang higit na kaalaman sa teksto. Ang mga pangkalahatang estratehiya ay maaaring gamitin para sa iba't ibang uri ng pagbabasa; ang mga ito ay nagsasangkot sa pagbuo ng ugnayan sa pagitan ng teksto at pagkakaroon nang pagtataya sa impomasyong napasakamay (Ryan, 2016).

Sa kabilang banda, ayon kina Mokhtari at Sheory (2002), ginagamit ng mga mag-aaral ang pangkalahatang mga estratehiya para sa tahasang pakikipag-ugnayan sa teksto o para sa layuning pangasiwaan at i-monitor ang kanilang pagbabasa nang mabuti. Ang paggamit nang pangkalahatang mga estratehiya ay tuwirang naglulundo sa pangkalahatang pagsusuri ng tekstong binabasa. Halimbawa, pagbibigay nang pansin sa mga katangian ng teksto, paghula sa pinapaksa ng teksto at iba pa. Ang paggamit ng ganitong mga estratehiya ay nakatutulong sa mga mambabasa na maging handa sa pag-

unawa ng pangunahing teksto. Ang mga estratehiyang ito ay karaniwang pangkalahatan at intensyunal na ginagamit.

Mga Estratehiya sa Pagtugon sa Suliranin. Ang mga mag-aaral na tinitingnan ang pagbabasa bilang isang gawain nang paglutas ng problema ay nagsasagawa nang aktibo at estratehiyang pagdulog sa pagbasa at nagtataglay ng meta-kognitibong kamalayan sa kung gaano nila nauunawaan ang kanilang binabasa. Ang mga estratehiya sa paglutas ng mga suliranin ay mga estratehiya na maaaring gamitin ng isang tao sa paglutas ng mga problema habang nagbabasa (Ryan, 2016).

Ang mga estratehiyang ito ay nakakatulong sa mga mambabasa na talakayin ang mga problema habang ang teksto ay nagiging mahirap nang maunawaan. Halimbawa, kasali dito ang pag-ulit na pagbasa para sa mas mabuting pag-unawa, pagtigil at pag-iisip tungkol sa teksto, pagsisimula sa bahagi na kung saan ang isang tao ay nawalan ng konsentrasyon at ilan pa. Ang mga estratehiyang ito ay nakakatulong sa mga mambabasa sa tunay na gawaing pagbabasa ng teksto, at hinahayaan din silang himay-himayin ang teksto. Ang mga estratehiyang ito ay nakakatulong sa mga mambabasa sa tunay na gawaing pagbabasa at pinahihintulutan silang gawin ito ng may kahusayan (Rastegar et. al., 2017).

Mga Pansuportang Stratehiya sa Pagbasa. Mga pansuportang estratehiya ay mga estratehiyang ginagamit upang makapagbigay ng tulong habang nagbabasa para sa ikadaragdag nang pag-unawa at memorya. Ang paggamit ng mga pansuportang estratehiya sa pagbasa ay nakakatulong sa mga mag-aaral na makalikha ng ugnayan at pantulong para sa praktikal na

aplikasyon ng mga kaalamang kanilang matututunan (Ryan, 2016). Ang mga pansuportang estratehiya ay kadalasang nagsasangkot nang paggamit ng iba pang mga sangguniang kagamitan, pagtatala, pagsalunhit ng impormasyon at iba pang mga praktikal na estratehiya. Sa pamamagitan ng mga pansuporta o *functional strategies*, ang mga mambabasa ay makapagpapatuloy sa pagbibigay ng tugon sa binabasang teksto.

Ang nabanggit na mga pag-aaral ay pinaniniwalaang nakapagbigay ng tulong sa pag-aaral na ito na kung saan sinubukang malaman kung mayroon o walang mahalagang ugnayan sa pagitan ng sariling kabisaan ng mga guro at metakognitibong kamalayan ng mga mag-aaral sa mga estratehiya sa pagbasa.

Kabanata 3

METODO

Ang bahaging ito ay binubuo ng disenyo ng pag-aaral; subjek ng pananaliksik; instrumento ng pananaliksik; mga pamamaraan sa paghahanda ng instrumentong ginamit sa pagsusuri, sa pag-aaral at pangangalap ng datos.

Disenyo ng Pananaliksik

Ginamitan ng *descriptive-correlation method* ang pag-aaral na ito na kung saan ibinatay sa obserbasyon ng *non-experimental event or events* na pagbabatayan ng teorya o kongklusyong malilikha upang pangatwiranan ang obserbasyon (Harcourt, 2016). Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng ganitong uri ng metodo upang ilarawan ang dalawang baryabol na pinag-aaralan. Ang mga datos tungkol sa Kabisaan ng Guro at Metakognitibong Kamalayan sa mga Estratehiya sa Pagbasa ay kinuha at ang kanilang ugnayan ay tinukoy.

Ang mga mag-aaral na nagsilbing mga respondente ay tinaya gamit ang istandardistikong palatanungan bilang panukat na kagamitan. Ang resulta ng ebalwasyon maging ang mga datos ay tinipon; hinanay; sinuri at binigyang-kahulugan upang tukuyin kung mayroon o walang mahalagang uynayan sa pagitan ng dalawang baryabol.

Sabjek ng Pananaliksik

Ang mga mag-aaral ng UM Panabo College, partikular ang mga mag-aaral na nagsipagkuha ng edukasyong pansekundarya na nagpatala bilang mga mag-aaral sa unang taon sa larangan ng Filipino (26); sa Ingles (48);

sa Matematika (15); mga mag-aaral sa ikalawang taon sa larangan ng Filipino (6); sa Ingles (15); sa Matematika (6); mga mag-aaral sa ikatlong taon sa larangan ng Filipino (4); sa Ingles (9); Matematika (4); mga mag-aaral sa ikaapat na taon sa larangan ng Filipino (8); Ingles (22); at Matematika (3) ay nagsilbing mga respondente sa pananaliksik na ito na may kabuuang 166 na respondente.

Talahanayan 1

Distribusyon ng mga Respondente

Mga Programa				
sa Edukasyong				
Pansekundarya				
Bilang ng mga Respondente sa bawat taon				
sa Larangan ng:	Unang taon	ikalawang taon	ikatlong taon	ikaapat na taon
Filipino	26	6	4	8
English	48	15	9	22
Mathematics	15	6	4	3
Kabuuan= 166				

Instrumentong Pampananaliksik

Ginamit ng mga mananaliksik ang istandardistikong surbey na palatanungan ni Albert Bandura (1999) upang tukuyin ang lebel ng kabisaan

ng guro. Ang pagkamakatotoo ng instrumentong ito bilang panukat na kagamitan ay ikinosedera sa pag-aaral na ito.

Upang tukuyin ang lebel ng kabisaan ng guro, ang mga sumusunod na panukatan ay ginamit:

Panukatan	Paglalarawan	Interpretasyon
4.21-5.00	Napakataas	Ito ay nangangahulugan na ang guro ay may napakataas na hinuha sa kanyang sariling kabisaan.
3.41-4.20	Mataas	Ito ay nangangahulugan na ang guro ay nagtataglay nang matibay na paniniwala sa kanyang sariling kakayahan.
2.61-3.40	Katamtaman	Ito ay nangangahulugan na ang guro ay may katamtamang paniniwala tungkol sa kanyang kasanayan.
1.81-2.60	Mababa	Ito ay nangangahulugan na ang guro ay nagtataglay nang mababang hinuha tungkol sa kanyang sariling kabisaan.
1.00-1.80	Napakababa	Ito ay nangangahulugan na ang guro ay may napakababang antas ng hinuha tungkol sa sariling kabisaan.

Upang tukuyin ang lebel ng metakognitibong kamalayan ng mga mag-aaral sa mga estratehiya sa pagbasa, ang mga mananalisik ay gumamit ng MARSII (*Metacognitive Awareness of Reading Strategies Inventory*) Version 1.0 ni Mokhtari and Reichard (2002). Ang pagkamakatotoo ng palatanungan na ito bilang panukat na kagamitan ay ikinosedera sa pag-aaral na ito.

Upang tukuyin ang lebel ng metakognitibong kamalayan ng mga mag-

aaral sa mga estratehiya sa pagbasa, ang mga sumusunod na panukatan ay ginamit:

Panukatan	Paglalarawan	Interpretasyon
4.21-5.00	Napakataas	Ito ay nangangahulugan na ang mag-aaral ay may napakataas na kamalayan tungkol sa mga estratehiya sa pagbasa.
3.41-4.20	Mataas	Ito ay nangangahulugan na ang mag-aaral ay may mataas na kamalayan sa mga estratehiya sa pagbasa.
2.61-3.40	Katamtaman	Ito ay nangangahulugan na ang mag-aaral ay nagtataglay nang katamtamang kamalayan sa sariling mga estratehiya sa pagbasa.
1.81-2.60	Mababa	Ito ay nangangahulugan na ang mag-aaral ay may mababang metakogtibong kamalayan sa mga estratehiya sa pagbasa.
1.00-1.80	Napakababa	Ito ay nangangahulugan na ang mag-aaral ay may napakababang kamalayan tungkol sa mga estratehiya sa pagbasa.

Pamaraan sa Pangangalap ng Datos

Ang mga sumusunod ay mga hakbang na isinagawa ng mga mananaliksik sa pagkuha ng mga datos.

Balidasyon. Ang mga mananaliksik ay nagbigay ng isang liham sa mga balideytors ng UM Panabo College na siyang susuri sa istandardistikong surbey na palatanungan na prinisenta ng mga mananaliksik.

Pahintulot sa Paggawa ng Pag-aaral. Ang mga mananaliksik ay nagbigay ng liham pahintulot sa pamunuan ng paaralan upang hayaan ang

mga mananaliksik na magsagawa ng pag-aaral.

Administrasyon at Pagkuha ng mga Talatanungan. Ang surbey ay isinagawa ng mga mananaliksik sa mga mag-aaral ng UM Panabo College partikular sa mga mag-aaral na nagsipagkuha ng kursong Edukasyong Pansekundarya ng paaralan.

Pag-aanalisa at Interpretasyon ng mga Datos. Pagkatapos ng isinagawang surbey, ang mga datos ay tinipon at sinuri. Ang mga resulta ay kinalkula at inihanay.

Paraan at Istatistikang Ginamit sa Pananaliksik

Ang mga sumusunod ay mga istatistikong kagamitan na ginamit sa pagpapakahulugan sa mga datos na nakalap.

Mean. Ito ay ginamit upang tukuyin ang lebel ng kabisaan ng guro at metakognitibong kamalayan ng mga mag-aaral sa mgaestrategiya sa pagbasa.

Pearson Product-Moment Correlation Coefficient. Ito ay ginamit upang tukuyin kung mayroon o walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kabisaan ng guro at metakognitibong kamalayan ng mga mag-aaral sa mga estrategiya sa pagbasa.



Kabanata 4

PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS

Ang kabanatang ito ay naglahad ng pagsusuri at pagpapakahulugan sa mga datos na nakalap sa pag-aaral upang masagutan ang mga problemang inilahad sa unang kabanata. Ang mga datos ay inilahad sa isang talahanayan at inayos batay sa problemang tinukoy. Ito ay sinundan ng diskusyon hinggil sa pagsusuri at implikasyon nito sa ginawang pag-aaral.

Lebel ng Kabisaan ng Guro

Inilahad sa ikalawang talahanayan ang lebel ng Kabisaan ng Guro na kung saan ito ay nahahati sa limang indikeytors at ito ay ang: Kabisaan sa Pagtuturo; Kabisaan sa Pagdidisiplina; Kabisaan sa pagtala ng mga gawaing kasangkot ang mga magulang; Kabisaan sa pagtala ng mga gawaing kasangkot ang komunidad; at Kabisaan sa paglikha ng positibong kapaligiran sa loob ng paaralan. Ipinakita sa datos na napakataas ng lebel ng Kabisaan ng Guro na may grand mean na 4.21 na nagsasaad na ang mga guro ay may napakataas na hinuha tungkol sa sariling kabisaan kaugnay ng pagtuturo ayon sa obserbasyon at pagtataya ng mga mag-aaral na nagsilbing mga respondente.

Ang unang indikeytor, Kabisaan sa Pagtuturo, ay minarkahan ng lebel na napakataas na may over-all mean na 4.26 na ang ibig sabihin na ang mga guro ay may napakataas na hinuha hinggil sa kanilang kabisaan sa pagtuturo batay sa obserbasyon ng mga mag-aaral. Ang pinakamataas na mean sa

Talahanayan 2

Lebel ng Kabisaan ng Guro

A. Kabisaan sa Pagtuturo

Pahayag	Mean	Pagpapakahulugan
1. Iniimpluwensyahan ng guro ang pagtukoy nang dami ng mga mag-aaral sa paaralan.	4.07	Mataas
2. Pinagsisikapan ng guro na maturuan ang mga mag-aaral na may problema sa pag-aaral.	4.44	Napakataas
3. Itinataguyod ng guro ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa kabila nang kakulangan ng suporta sa tahanan.	4.32	Napakataas
4. Pinapanatili ng guro ang pokus ng mga mag-aaral sa mahihirap na takdang-aralin.	3.84	Mataas
5. Pinagsisikapan ng guro na maturuan ang mga mag-aaral na mapataas ang kanilang kakayahan sa pagmemorya ng mga natalakay na mga leksyon.	4.31	Napakataas
6. Hinihikayat ng guro ang mga mag-aaral na may mababang interes sa pag-aaral.	4.37	Napakataas
7. Itinataguyod ng guro ang kolaboratibong pag-aaral ng mga mag-aaral.	4.37	Napakataas
8. Pinagsisikapan ng guro na labanan ang negatibong epekto nang kondisyon ng komunidad sa pagkatuto ng mga mag-aaral.	4.31	Katamtaman
9. Hinihikayat ng guro na gumawa ng kanilang takdang-aralin ang mga mag-aaral.	4.30	Napakataas
Over-all mean	4.26	Napakataas

B. Kabisaan sa Pagdidisiplina

Pahayag	Mean	Pagpapakahulugan
1. Hinihikayat ng guro ang mga mag-aaral na sumunod sa mga patakaran sa silid-aralan.	4.63	Napakataas
2. Pinagsisikapan ng guro na supilin ang di-kaaya-ayang gawi ng mga mag-aaral sa loob ng klase.	4.42	Napakataas
3. Hinahadlangan ng guro ang problema sa pag-uugali ng mga mag-aaral sa loob ng paaralan.	4.20	Mataas
Over-all mean	4.42	Napakataas

C. Kabisaan sa Pagtala ng mga Gawaing Kasangkot ang mga Magulang

Pahayag	Mean	Pagpapakahulugan
1. Hinihikayat ng guro na makisangkot ang mga magulang sa mga gawaing pampaaralan.	3.82	Mataas
2. Binibigyan ng guro ng tulong ang mga magulang na tumutulong naman sa pagpapabuti ng kanilang mga anak sa paaralan.	3.73	Mataas
3. Pinagsisikapan ng guro na makadama ng kaginhawaan ang mga magulang sa pagpunta nila ng paaralan.	3.99	Mataas
Over-all mean	3.85	Mataas

D. Kabisaan sa Pagtala ng mga Gawaing Kasangkot ang Komunidad

Pahayag	Mean	Pagpapakahulugan
1. Isinasangkot ng guro ang komunidad sa mga gawaing pampaaralan.	4.05	Mataas
2. Isinasangkot ng guro ang mga	3.72	Mataas

simbahan sa mga gawaing pampaaralan.

3. Isinasangkot ng guro sa mga gawaing pampaaralan ang mga negosyo sa komunidad.	3.61	Mataas
--	------	--------

4. Isinasangkot ng guro ang mga kolehiyo at unibersidad sa mga gawaing pampaaralan.	3.89	Mataas
---	------	--------

Over-all mean	3.98	Mataas
----------------------	-------------	---------------

E. Kabisaan sa Pagbuo ng Positibong Kapaligiran sa Loob ng Paaralan

Pahayag	Mean	Pagpapakahulugan
1. Sinisigurado ng guro na ligtas ang paaralan.	4.64	Napakataas
2. Pinagsisikapan ng guro na gawing masaya ang mga mag-aaral sa pagpunta nila ng paaralan.	4.48	Napakataas
3. Hinihikayat ng guro ang mga mag-aaral na magtiwala sa kapwa niya guro.	4.40	Napakataas
4. Tinutulungan ng guro ang ibang guro sa paglinang ng kanilang kakayahan sa pagtuturo.	4.22	Napakataas
5. Pinagsisikapan ng guro na linangin ang kolaborasyon sa pagitan ng iba pang guro at ng administrasyon sa ikagaganda nang takbo ng paaralan.	4.35	Napakataas
6. Pinagsisikapan ng guro na mabawasan ang bilang ng mga mag-aaral na tumitigil sa pag-aaral.	4.25	Napakataas
7. Pinagsisikapan ng guro na mabawasan ang bilang ng mga mag-aaral na lumiliban sa klase.	4.32	Napakataas
8. Hinihikayat ng guro ang mga mag-aaral na magtiwala sa kanilang sariling kakayahan sa paggawa ng mga gawain.	4.55	Napakataas

Over-all mean	4.40	Napakataas
GRAND MEAN	4.21	Napakataas

Liyenda:

Panukatan	Paglalarawan
4.21-5.00	Napakataas
3.41-4.20	Mataas
2.61-3.40	Katamtaman
1.81-2.60	Mababa
1.00-1.80	Napakababa

indikeytor na ito ay nasa ikalawang bilang na may pahayag na, *Pinagsisikapan ng guro na maturated ang mga mag-aaral na may problema sa pag-aaral*, na may mean na 4.44 at may napakataas na lebel na nagsasaad na ang mga guro ay may napakataas na hinuha sa sariling kabisaan hinggil sa pagtuturo. Ang pinakamababang mean ay na sa ikawalong bilang na may pahayag na, *Pinagsisikapan ng guro na labanan ang negatibong epekto ng kondisyon ng komunidad sa pagkatuto ng mga mag-aaral*, na may mean na 4.31 at minarkahan bilang katamtaman.

Gayon din, minarkahan ng napakataas na lebel ang mga sumusunod na bilang: anim at pito na may mean na 4.37 bawat isa; bilang tatlo na mayroong mean na 4.32; bilang lima na mayroong mean na 4.31; at bilang siyam na may mean na 4.30. At panghuli, ang mga sumusunod na bilang ay minarkahan na mataas at ito ay ang: bilang isa na mayroong mean na 4.07 at bilang apat na may 3.84 na mean.

Ang paniniwala ng guro sa sariling kabisaan sa pagtuturo ay isang paghuhusga sa kanyang kakayahang magturo sa mga mag-aaral tungo sa paghangad ng mga inaasahang bunga ng pakikilahok at pagkatuto kahit na sa mga mag-aaral na may kahirapan sa pagkatuto at walang motibasyon. Ang gawaing pagtuturo ng mga guro ay naiimpluwensyahan ng kanilang paniniwala sa kanilang sariling kabisaan. (Tschannen-Moran, Hoy, & Hoy 1998).

Ang ikalawang indikeytor, Kabisaan sa Pagdidisiplina, ay may lebel na napakataas na mayroong over-all mean na 4.42 na nangangahulugan na ang mga guro ay may napakataas na hinuha sa sariling kabisaan hinggil sa pag-

didisiplina batay sa obserbasyon ng mga mag-aaral sa loob ng klase.

Ang pinakamataas na mean sa indikektor na ito ay nasa unang bilang na may pahayag na, *Hinihikayat ng guro ang mga mag-aaral na sumunod sa mga patakaran sa silid-aralan*, na may 4.63 at minarkahan bilang napakataas na ang ibig sabihin ay napakataas ng kabisaan ng guro pagdating sa panghihikayat sa mga mag-aaral na sumunod sa mga patakaran at regulasyon sa silid-aralan. Ang pinakamababang mean ay nasa bilang tatlo na may pahayag na, *Hinahadlangan ng guro ang problema sa pag-uugali ng mga mag-aaral sa loob ng paaralan*, na may 4.20 at minarkahan bilang mataas. Gayon din, ang bilang dalawa ay nagpapahayag ng napakataas na lebel na may 4.42 na mean.

Si Bandura (1997) ay naniniwala na ang pagiging mabisa ng isang guro ay bahagyang natutukoy sa kanilang kabisaan sa pagpapanatili ng kaayusan sa klase na kung saan nakakatulong sa pagkatuto. Isang pag-aaral ang naglahad na ang sariling kabisaan ng guro ay nakakaapekto sa paraan ng kanilang pagtuturo at pagbibigay ng kaayusan sa pangangasiwa ng silid-aralan (Bandura, 1997). Higit pa roon, ang paninwala ng mga guro sa kanilang kabisaan ay nakakaapekto sa kanilang paraan nang pangangasiwa sa klase lalo na sa pagharap sa mga di-kaaya-ayang kaasalan ng mga mag-aaral.

Ang ikatlong indikektor, Kabisaan sa pagtala ng mga gawaing kasangkot ang mga magulang, ay nagpapahayag ng mataas na lebel na may over-all mean na 3.85 na nangangahulugan na ang mga guro ay mayroong malakas na paniniwala sa kanilang kakayahan sa pagtala ng mga gawaing

kasangkot ang mga magulang batay sa obserbasyon ng mga mag-aaral.

Ang pinakamataas na mean sa indikaytor na ito ay nasa bilang tatlo na may pahayag na, *Pinagsisikapan ng guro na makadama ng kaginhawaan ang mga magulang sa pagpunta nila ng paaralan*, na mayroong mean na 3.99 at minarkahan bilang mataas na nagsasaad na ang mga guro ay may mataas na kabisaan tungkol sa pagpaparamdam ng kaginhawaan sa mga magulang sa mga panahon na sila ay pupunta sa paaralan. Ang pinakamababang mean ay nasa ikalawang bilang na may pahayag na, *Binibigyan ng guro ng tulong ang mga magulang na tumutulong naman sa pagpapabuti ng kanilang mga anak sa paaralan*, na may mean na 3.73 at minarkahan ng mataas din. Gayon din, ang bilang isa ay nagpapahayag ng mataas na lebel na may mean na 3.73.

Ang kabisaan ng mga guro sa pagtala ng mga gawaing kasangkot ang mga magulang. ay nangangailangan ng kanilang paniniwala, pagpapahalaga at naunang mga karanasan na nakaiimpluwensya sa kanilang pananaw at nagpapadali nang pakikilahok ng mga magulang. Ang mga guro ay mayroong mga opinion, paniniwala at mga naunang karanasan na maaaring makaiimpluwensya sa kanilang kagustuhang mahikayat ang pakikilahok ng mga magulang bilang isang metodo sa ikapagpapaibayo ng tagumpay ng mag-aaral (Patte, 2011). Ang paniniwala ng guro sa kanyang sariling kakayahan ang bumubuo sa kanyang kabisaan bilang pangunahing tagapagtaguyod ng prosesong pagtuturo at pagkatuto.

Ang ikaapat na indikaytor, Kabisaan sa pagtala ng mga gawaing kasangkot ang komunidad, ay minarkahan ng mataas na lebel na may overall mean na 3.98 na nangangahulugan na ang mga guro ay may malakas na

paniniwala sa kanilang sariling kakayahan sa pagtala ng mga gawaing kasangkot ang komunidad ayon sa obserbasyon ng mga mag-aaral.

Ang pinakamataas na mean sa indikektor na ito ay nasa unang bilang na may pahayag na, *Isinasangkot ng guro ang komunidad sa mga gawaing pampaaralan*, na may mean na 4.05 at markang mataas na nangangahulugan na ang mga guro ay may mataas na kabisaan sa pagsangkot ng komunidad sa mga gawaing pampaaralan. Ang pinakamababang mean ay nasa ikatlong bilang na may pahayag na, *Isinasangkot ng guro sa mga gawaing pampaaralan ang mga negosyo sa komunidad*, na mayroong mean na 3.61 at minarkahan nang mataas din. Bukod dito, ang iba pang bilang ay may mataas na marka at ito ay ang sumusunod: bilang apat na may 3.89 na mean at ikalawang bilang na may mean na 3.72.

Ang epektibong lider ng paaralan ay maghahanap ng mga paraan upang makaabot sa buong komunidad para sa ikapagtataguyod ng paaralan (Liu, 2009). Ang mga pinuno ng paaralan, kagaya ng mga guro, ay dapat na maging mabisa sa panghihikayat sa komunidad na makiisa sa mga gawaing-pampagkatuto lalo pa't ang mga mag-aaral ay maaaring makinabang nang husto mula sa paaralan na kung saan ang mga kasapi ng komunidad ay aktibong nakikilahok sa iba't ibang gawain ng paaralan. Ang ideyang ito ay sinuportahan ni Meador (2010) na nagsabi na ang mga komunidad na buong-pusong sumusuporta sa kanilang paaralan ay mayroong isang paaralang epektibo. Ang mga komunidad naman na hindi nagbigay ng suporta ay magkakaroon ng mga paaralang hindi gaanong epektibo.

Panghuli, ang panglimang indikektor na, Kabisaan sa paglikha ng

positibong kapaligiran sa loob ng paaralan, ay minarkahan nang napakataas na lebel na may over-all mean na 4.21 na nagsasaad na ang mga guro ay may napakataas na kabisaan sa pagbuo nang positibong kapaligiran sa paaralan batay sa nakikita ng mga mag-aaral na nagsilbing mga respondent.

Ang pinakamataas na mean sa indikektor na ito ay nasa unang bilang na may pahayag na, *Sinisigurado ng guro na ligtas ang paaralan*, na may mean na 4.64 and minarkahan bilang napakataas na nangangahulugan na ang mga guro ay may napakataas na kabisaan pagdating sa pagsisigurado na ang paaralan ay ligtas na lugar para sa apagkatuto ng mga mag-aaral. ang pinakamababang mean ay nasa ikaapat na bilang na may pahayag na, *Tinutulungan ng guro ang ibang guro sa paglinang ng kanilang kakayahan sa pagtuturo*, na mayroong mean na 4.22 na minarkahan bilang napakataas din. Gayon din, ang natitirang mga aytem ay minarkahan din bilang napakataas at ito ay ang sumusunod: bilang walo na may mean na 4.55; ikalawang bilang na mayroong mean na 4.48; bilang tatlo na may mean na 4.40; bilang lima na mayroong mean na 4.35; ikapitong bilang na may mean na 4.32; at ikaanim na bilang na may mean na 4.25.

Kabisaan sa paglikha ng positibong kapaligiran sa loob ng paaralan ay isa ring domeyn ng pansariling kabisaan. Ang potensyal na mahalagang elemento sa kapaligirang pangguro na may kinalaman sa pansariling kabisaan ay ang kapaligiran ng paaralan. Ang malakas na paniniwala sa sariling kabisaan ay makikita sa mga gurong may pananaw para sa positibong kapaligiran ng paaralan (Moore & Esselman, 2008) at malakas na pag-udyok para sa akademikong pagganap ng mga kawani ng paaralan (Hoy & Woolfolk, 2009)..

Ayon sa mga datos na ipinakita, sa lahat ng mga indikeytors ng Kabisaan ng Guro, Kabisaan sa Pagdidisiplina ang nakakuha ng pinakamataas na over-all mean at minarkahan bilang napakataas na lebel. Ang resulta ng surbey, ay nagbigay ng pagkakataon sa mga mananaliksik na bumuo ng ideya na ang mga guro ay may napakataas na kabisaan sa pangangasiwa ng silid-aralan sa pamamagitan ng pagbuo ng mga nakaugaliang pamamaraan sa paggawa; mga patakaran; at regulasyon sa loob ng klase.

Sa katunayan, ang Kabisaan ng guro na iniuugnay sa pamamahala sa loob ng silid-aralan ay laganap na sa literatura noon pang apat' napung taon simula ng iugnay ito sa tagumpay ng mga mag-aaral ng Rand Corporation (Armor, 1976). Ang lawak ng kasanayan ng isang guro sa pagpapanatili ng kaayusan, organisasyon, pagkuha at pagpapanatili ng atensyon at partisipasyon ng mga mag-aaral ay tinatawag na Classroom Management Self-Efficacy (CMSE). Ang CMSE ay binigyang kahulugan ni Aloe et al., (2014) bilang kabisaan sa pagkontrol ng mga hindi magagandang gawi, pagpapatahimik, at pagtugon sa mga mag-aaral na matitigas ang ulo, pagbuo ng nakaugaliang pamamaraan sa paggawa at kaayusan upang nmapanatili ang maayos na takbo ng mga gawaing pampagkatuto (p. 105).

Kapag ang guro ay walang kabisaan sa bahaging ito, nahihirapan silang panatilihin ang produktibo at mabuting kapaligiran sa loob ng klase (Aloe et al., 2014; Marzano & Pickering, 2003). Kapag ang kapaligiran sa loob ng klase ay nasira, lahat ng mga tao sa loob ng silid-aralan ay negatibong maaapektuhan (Pace, Boykins, & Davis, 2014).

Lebel ng Metakognitibong Kamalayan sa mga Estratehiya sa Pagbasa

Inilahad sa ikatlong talahanayan ang lebel ng metakognitibong kamalayan ng mga mag-aaral sa mga estratehiya sa pagbasa. Ang datos ay nagpakita ng napakataas na lebel ng metakognitibong kamalayan ng mga mag-aaral sa mga estratehiya sa pagbasa na mayroong grand mean na 4.32 na nangangahulugan na ang mga mag-aaral ay may napakataas na kamalayan pagdating sa iba't ibang mga estratehiya sa pagbasa. Ang lebel ng metakognitibong kamalayan ng mga mag-aaral sa mga estratehiya sa pagbasa ay nahahati sa tatlong indikektor na mga: Pangkalahatang estratehiya sa pagbasa; mga estratehiya sa pagtugon sa suliranin; at mga pansuportang estratehiya sa pagbasa.

Ang unang indikektor, pangkalahatang estratehiya sa pagbasa ay natukoy na may napakataas na lebel na mayroong over-all mean na 4.29 na nagsasabing ang mga mag-aaral ay mayroong napakataas na lebel ng kamalayan patungkol sa pangkalahatang estratehiya sa pagbasa. Ang pinakamataas na mean ay nasa ikalawang aytem, *Iniiisip ko ang aking mga nalalaman upang matulungan akong intindihin ang aking binabasa*, na mayroong mean na 4.49 na kung saan nagsasaad na ang mga mag-aaral ay mayroong napakataas na lebel ng metakognitibong kamalayan sa ganitong klase ng estratehiya. Ang pinakamababang mean ay nasa ikalimang aytem, *Iniiskim ko muna ang teksto sa pamamagitan ng pagkuha ng mga katangian nito kagaya ng haba at organisasyon*, na mayroong mean na 4.05.

Idagdag pa, ang ibang aytem ay minarkahan ding napakataas at ito ay ang mga sumusunod: unang aytem na mayroong mean na 4.45; ikatlong

Talahanayan 3

Lebel ng Metakognitibong Kamalayan sa mga Estratehiya sa Pagbasa

A. Pangkalahatang Estratehiya sa Pagbasa

Pahayag	Mean	Pagpapakahulugan
1. Mayroong layunin ang mag-aaral kapag nagbabasa.	4.45	Napakataas
2. Iniisip ng mag-aaral ang kanyang mga nalalaman upang matulungan siyang intindihin ang kanyang binabasa.	4.49	Napakataas
3. Tinitingnan muna ng mag-aaral ang teksto upang malaman kung ano ito bago ito babasahin.	4.43	Napakataas
4. Iniisip ng mag-aaral kung akma ba ang nilalaman ng teksto sa layunin ng kanyang pagbabasa.	4.25	Napakataas
5. Iniiskim muna ng mag-aaral ang teksto sa pamamagitan ng pagkuha ng mga katangian nito kagaya ng haba at organisasyon.	4.05	Mataas
6. Nagdedesisyon ang mag-aaral kung alin ang babasahing maigi sa hindi.	4.18	Mataas
7. Gumagamit ang mag-aaral ng mga talahanayan, numero, at larawan sa teksto upang madagdagan pa ang kanyang pag-unawa.	4.14	Mataas
8. Gumagamit ang mag-aaral ng mga palatandaang pangkonteksto upang matulungan siyang intindihin ang kanyang binabasa.	4.41	Napakataas
9. Gumagamit ang mag-aaral ng mga typographical aids kagaya ng bold face at italics upang tukuyin ang mga susing impormasyon.	4.23	Napakataas

10. Sinusuri nang maigi at tinataya ng mag-aaral ang mga impormasyong inilahad sa teksto.	4.29	Napakataas
11. Sinisiyasat ng mag-aaral ang kanyang pag-unawa kapag nakakabasa siya ng mga hindi nagtutugmang mga impormasyon.	4.39	Napakataas
12. Sinusubukang hulaan ng mag-aaral kung ano ang paksa ng materyal habang binabasa ito.	4.19	Mataas
13. Sinisiyasat ng mag-aaral kung tama ba o mali ang mga hula niya tungkol sa teksto.	4.30	Napakataas
Over- all mean	4.29	Napakataas

B. Mga Estratehiya sa Pagtugon sa Suliranin

Pahayag	Mean	Pagpapakahulugan
1. Nagbabasa nang mabagal pero maingat ang mag-aaral upang siguraduhing naiintindihan niya ang kanyang binabasa.	4.48	Napakataas
2. Sinisikapan ng mag-aaral na makabalik sa pagbabasa sa tuwing nawawala ang kanyang konsentrasyon.	4.38	Napakataas
3. Binabagay ng mag-aaral ang bilis ng kanyang pagbabasa sa kung anuman ang kanyang binabasa.	4.33	Napakataas
4. Kung nagiging mahirap ang teksto, binibigyan ng mag-aaral ng ibayong atensyon ito.	4.31	Napakataas
5. Paminsan-minsan, tumitigil ang mag-aaral at nag-iisip tungkol sa kanyang binabasa.	4.31	Napakataas
6. Sinusubukan ng mag-aara; na isa-isip o ilarawan ang mga impormasyon upang matulungan siyang alalahanin ang kanyang binabasa.	4.45	Napakataas

7. Kapag nagiging mahirap ang teksto, binabasa ulit ng mag-aaral ito upang madagdagan pa ang kanyang pag-unawa.	4.52	Napakataas
8. Sinusubukang hulaan ng mag-aaral ang kahulugan ng mga hindi kilalang mga salita o parirala.	4.36	Napakataas
Over- all mean	4.39	Napakataas

C. Mga Pansuportang Estratehiya sa Pagbasa

Pahayag	Mean	Pagpapakahulugan
1. Sinusulat ng mag-aaral ang mga impormasyon habang nagbabasa upang matulungan siyang maunawaan ito.	4.34	Napakataas
2. Kapag nagiging mahirap ang teksto, binabasa ito ng mag-aaral nang malakas upang maintindihan ito.	4.33	Napakataas
3. Nilalagom ng mag-aaral ang kanyang binabasa upang mawari ang mga mahahalagang impormasyon sa teksto.	4.27	Napakataas
4. Tinatalakay ng mag-aaral sa iba ang kanyang binabasa upang siyasatin ang kanyang pag-unawa.	4.24	Napakataas
5. Nilalagyan ng mag-aaral ng linya o binibilugan ang impormasyon sa teksto upang matulungan siyang maalala ito.	4.35	Napakataas
6. Gumagamit ang mag-aaral ng mga sangguniang aklat kagaya ng mga diksyunaryo upang matulungan siyang maunawaan ang kanyang binabasa.	4.30	Napakataas
7. Bumubuo ng sariling pagpapakahulugan ang mag-aaral sa mga kaisipan upang mas maintindihan niya pa ang kanyang	4.14	Napakataas

binabasa.

8. Binabalikan ng mag-aaral ang ilang bahagi ng teksto at tinitingnan ang bahaging kasalukuyang binabasa upang makita ang ugnayan ng mga ito. 4.31 Napakataas

9. Tinatanong ng mag-aaral ang kanyang sarili ng mga tanong na kung saan ang mga sagot ay matatagpuan sa teksto. 4.36 Napakataas

Over-all mean 4.29 Napakataas

GRAND MEAN 4.32 Napakataas

Liyenda:

Panukatan	Paglalarawan
4.21-5.00	Napakataas
3.41-4.20	Mataas
2.61-3.40	Katamtaman
1.81-2.60	Mababa
1.00-1.80	Napakababa

aytem na mayroong mean na 4.43; ikawalong aytem na mayroong mean na 4.41; ikalabing-isang aytem na mayroong mean na 4.39; ikalabintatlong aytem na mayroong mean na 4.30; ikasampung aytem na mayroong mean na 4.29; ika-apat na aytem na mayroong mean na 4.25; at ikasiyam na aytem na mayroong mean na 4.23. Ang mga natitirang aytem ay natukoy na may mataas na lebel at ito ay ang mga: ikalabindalawang aytem na mayroong mean na 4.19; ika-anim na aytem na mayroong mean na 4.18; at ang ikapitong aytem na mayroong mean na 4.14.

Sa kabilang banda, ayon kina Mokhtari at Sheory (2002), ginagamit ng mga mag-aaral ang pangkalahatang mga estratehiya para sa tahasang pakikipag-ugnayan sa teksto o para sa layuning pangasiwaan at i-monitor ang kanilang pagbabasa nang mabuti. Ang paggamit nang pangkalahatang mga estratehiya ay tuwirang naglulundo sa pangkalahatang pagsusuri ng tekstong binabasa. Halimbawa, pagbibigay nang pansin sa mga katangian ng teksto, paghula sa pinapaksa ng teksto at iba pa. Ang paggamit ng ganitong mga estratehiya ay nakatutulong sa mga mambabasa na maging handa sa pag-unawa ng pangunahing teksto. Ang mga estratehiyang ito ay karaniwang pangkalahatan at intensyunal na ginagamit.

Ang ikalawang indikektor, mga estratehiya sa pagtugon sa suliranin, ay minarkahan na may napakataas na lebel na mayroong over-all mean na 4.39 na nagsasabing ang mga mag-aaral ay may napakataas na kamalayan tungkol sa mga estratehiya sa pagtugon sa suliranin sa pagbasa. Ang mataas na mean ay 4.52 na nasa ikapitong aytem, *kapag nagiging mahirap ang teksto, binabasa ko ito ulit upang madagdagan pa ang aking pag-unawa*, at nagtukoy na ang mga mag-aaral ay may pinakamataas na metakognitibong

kamalayan sa ganitong klaseng estratehiya. Ang pinakamababang mean ay na sa ikalimang aytem, *paminsan-minsan, tumitigil ako at nag-iisip tungkol sa aking binabasa*, na mayroong mean na 4.31 at minarkahan na napakataas. Ang natitirang aytem ay natukoy na napakataas at ito ay ang mga sumusunod: unang aytem na mayroong mean na 4.48; ika-anim na aytem na mayroong mean na 4.45; ikalawang aytem na mayroong mean na 4.38; ikawalong aytem na mayroong 4.36; ikatlong aytem na mayroong mean na 4.33; at ika-apat na aytem na mayroong mean na 4.31.

Ang mga mag-aaral na tinitingnan ang pagbabasa bilang isang gawain nang paglutas ng problema ay nagsasagawa nang aktibo at estratehiyang pagdulog sa pagbasa at nagtataglay ng meta-kognitibong kamalayan sa kung gaano nila nauunawaan ang kanilang binabasa. Ang mga estratehiya sa paglutas ng mga suliranin ay mga estratehiya na maaaring gamitin ng isang tao sa paglutas ng mga problema habang nagbabasa (Ryan, 2016). Ang mga estratehiyang ito ay nakakatulong sa mga mambabasa na talakayin ang mga problema habang ang teksto ay nagiging mahirap nang maunawaan.

Ang ikatlong indikektor, mga pansuportang estratehiya sa pagbasa, ay natukoy na may napakataas na lebel na mayroong over-all mean na 4.29. Ibig sabihin na ang mga mag-aaral ay mayroong pinakamataas na kamalayan tungkol sa pansuportang estratehiya sa pagbasa. Ang pinakamataas na mean ay nasa ikasiyam na aytem, *tinatanong ko ang aking sarili ng mga tanogn na kung saan ang mga sagot ay matatagpuan sa teksto*, na mayroong mean na 4.36 at minarkahan na napakataas na nagsasabing ang mga mag-aaral ay mayroong napakataas na metakognitibong kamalayan sa ganitong klaseng estratehiya. Ang pinakamababang mean ay nasa ikapitong aytem,

bumubuo ako ng sariling pagpapakahulugan sa mga kaisipan upang mas maintindihan ko pa ang aking binabasa, na mayroong mean na 4.14 at natukoy na mataas. Ang ibang aytem ay minarkahan nang napakamataas at ito ay ang mga sumusunod: ikalimang aytem na mayroong mean na 4.35; unang aytem na mayroong mean na 4.34; ikalawang aytem na mayroong mean na 4.33; ikawalong aytem na mayroong mean na 4.31; ika-anim na aytem na mayroong mean na 4.30; ikatatlong aytem na mayroong mean na 4.27; at ika-apat na aytem na mayroong mean na 4.24.

Mga pansuportang estratehiya ay mga estratehiyang ginagamit upang makapagbigay ng tulong habang nagbabasa para sa ikadaragdag nang pag-unawa at memorya. Ang paggamit ng mga pansuportang estratehiya sa pagbasa ay nakakatulong sa mga mag-aaral na makalikha ng ugnayan at pantulong para sa praktikal na aplikasyon ng mga kaalamang kanilang matututunan (Ryan, 2016). Ang mga pansuportang estratehiya ay kadalasang nagsasangkot nang paggamit ng iba pang mga sangguniang kagamitan, pagtatala, pagsalunghit ng impormasyon at iba pang mga praktikal na estratehiya. Sa pamamagitan ng mga pansuporta o *functional strategies*, ang mga mambabasa ay makapagpapatuloy sa pagbibigay ng tugon sa binabasang teksto.

Kaugnay nito, masasabi ng mga mananaliksik na ang mga mag-aaral ay may pinakamataas na metakognitibong kamalayan patungkol sa paggamit ng mga estratehiya sa pagtugon sa suliranin. Sa lahat ng mga indikators ng metakognitibong kamalayan sa mga estratehiya sa pagbasa, ang estratehiya sa pagtugon sa suliranin ay nakakuha ng pinakamataas na over-all mean na minarkahan bilang napakataas na lebel.

Isang pananaliksik kaugnay ng mga estratehiya sa pagbasa na ginamit ng mga mag-aaral sa kursong edukasyon sa larangan ng wikang Ingles ang isinagawa nina Solak at Altay (2014) na kung saan nagbigay sila ng konklusyon na ang mga mag-aaral ng ELT ay mas may pagkiling sa paggamit ng mga estratehiya sa pagtugon sa suliranin kaysa pangkalahatang estratehiya at pansuportang estratehiya sa pagbasa.

Ang pagbasa ay isang gawaing pagtugon sa suliranin. Ang pag-unawa sa pagbasa kagaya ng pagsagot sa suliranin ay nangangailangan ng pagsisikap, pagpapalano, pagsubaybay, pagpili ng estratehiya at repleksyon. Sa pagtaas ng lebel ng mga mag-aaral sa pag-aaral, ang materyales sa pagbasa ay nagiging komplikado kung kaya't nangangailangan ito ng ibayong pagsisikap. Ang mga mag-aaral na tumitingin sa pagbasa bilang isang gawain ng pagtugon sa suliranin ay gumagamit ng aktibo at estratehiyang pagdulog sa pagbasa at may metakognitibong kamalayan patungkol sa kung gaano ang kanilang pagkakaintindi sa kanilang binabasa. Ang mga estratehiya sa pagtugon sa suliranin ay mga estratehiya na maaaring gamitin ng tao sa paglutas ng mga problema habang nagbabasa (Ryan, 2016).

Makabuluhang Ugnayan sa Pagitan ng Kabisaan ng Guro at Metakognitibong Kamalayan ng mga Mag-aaral sa mga Estratehiya sa Pagbasa

Inilalahad sa talahanayan 4 ang pagsusuri hingil sa makabuluhang ugnayan sa pagitan ng Kabisaan ng Guro at Metakognitibong Kamalayan sa mga Estratehiya sa Pagbasa. Ang malayang baryabol na Kabisaan ng Guro ay may grand mean na 4.21 habang ang di-malayang baryabol naman ay nakakuha ng 4.32 bilang grand mean nito. Ang correlation balyu (R-value) ay

Talahanayan 4

Makabuluhang Ugnayan sa Pagitan ng Kabisaan ng Guro at Metakognitibong Kamalayan sa mga Estratehiya sa Pagbasa

	Metakognitibong kamalayan ng mga mag-aaral sa mga estratehiya sa pagbasa
Kabisaan ng guro	0.709**

P-balyu (0.000) < 0.05

0.709 at ang P-balyu ay 0.000 na mas maliit kaysa 0.05. Ito ay nangangahulugan na ang null haypotesis ay rejekted dahil may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng Kabisaan ng Guro at Metakognitibong Kamalayan sa mga Estratehiya sa Pagbasa ng mga mag-aaral sa edukasyong pansekundarya ng UM Panabo College.

Ayon kay Garner (1987), ang mga estratehiya sa pagbasa ay isang gawain o lipon ng mga gawain na ginagamit sa pagbuo ng kahulugan. Ayon kay Oxford at Crookall (1989) ang mga estratehiya ay mga pamamaraan sa pagkatuto, gawi, kasanayan sa pagtugon sa suliranin o sa pag-aaral na nakapagdudulot nang epektibo at episyenteng pagkatuto. Ginamit ni Barnett (2004) ang terminong 'stratehiya sa pagbasa' upang tukuyin ang kognitibong operasyon na nangyayari sa mga mambabasa kapag sila ay bumabasa ng teksto na may layuning mawari ito.

Masasabi na ang mga estratehiya sa pagbasa ay sinasadyang gamitin ng mga mambabasa sa pag-unawa ng kahulugan. Ang tuloy-tuloy na paggamit ng mga estratehiya sa pagbasa ay naglulundo sa mga mambabasa upang maging dalubhasa at malaon makakagamit ng kasanayan sa pagbasa nang walang kamalayan. Masasabi rin na ang kamalayan sa mga estratehiya sa pagbasa ay kritikal na mahalaga lalo na sa mga baguhang mambabasa. Ang kamalayan ay nakatutulong sa mga mambabasa sa pagpili ng partikular na daan, pamamaraan sa pag-abot ng layunin, at mga prosesong ginamit sa pag-abot ng layunin. Ang pagiging maparaan ay nagbibigay-daan sa mga mambabasa upang masuri ang estratehiya, masubaybayan ang pagiging epektibo nito at marebisa ang sariling layunin o pamamaraan kung kinakailangan.

Ang pangiangialam ng guro sa pamamagitan ng pagtuturo ay tinatanaw bilang mahalagang bagay sa pagbuo ng kaalaman na wala ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagtuturo nito (Alvarez & Risko, 1989; Christen & Murphy, 1991). Ang metakognitibong kamalayan ng mga mag-aaral sa mga estratehiya sa pagbasa ay magkakaroon ng makabuluhang bunga kung ang mga guro ay may mataas na kabisaan sa pagtuturo. Ang kamalayan ng mga mag-aaral sa iba't ibang mga estratehiya sa pagbasa ay magiging walang pakinabang maliban kung ito ay sinasanay katuwang ang mga guro na magsisilbing tagapangasiwa.

Sa ganitong sitwasyon, ang responsibilidad ay nakapatong sa balikatng mga guro na siyang magtuturo tungkol sa mga estratehiya sa pagbasa at kung papaano ito gagamitin. Upang makapagbigay ng pag-unawa, ang mga guro ay dapat na tumulong sa mga mag-aaral sa pag-unawa at paggamit ng mga estratehiya sa pagbasa (Yigiter, Saricoban, & Gurses, 2005). Ang mga guro ang siyang dapat na magpakilala at magbigay ng pagsasanay sa paggamit ng mga estratehiya sa pagbasa upang makasabay sa mga di-pamilyar na wika sa teksto (Eskey & Grabe, 1995). Ito ay nangangailangan ng kabisaan ng guro sa pagtuturo ng mga mag-aaral sa tamang mga estratehiya sa pagbasa sa paglinang ng kanilang kasanayan sa pagbasa. Kung kaya't ang kabisaan ng guro ay may positibong kaugnayan sa lebel ng metakognitibong kamalayan ng mga mag-aaral sa mga estratehiya sa pagbasa na sinuportahan naman ng nakalap ng mga datos.

Kabanata 5

BUOD, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Sa kabanatang ito inilahad ang kabuuan ng resulta ng pag-aaral. Ang konklusyon ay ibinatay sa resulta nang nakalap na mga datos kasali ang rekomendasyon na nabuo ng mga mananaliksik.

Buod

Ang mga sumusunod ay mga naging kinalabasan ng pag-aaral.

1. Ang mean ng Kabisaan ng Guro na tinaya ng mga respondente ay mayroong grand mean na 4.21 na may katumbas na napakataas. Ito ay nangangahulugan na ang guro ay may napakataas na hinuha sa kanyang sariling kabisaan. Ito ay binubuo ng Kabisaan sa Pagtuturo na may kabuuang mean na 4.26; Kabisaan sa Pagdidisiplina na mayroong mean na 4.42; Kabisaan sa pagtala ng mga gawaing kasangkot ang mga magulang na mayroong mean na 3.85; Kabisaan sa pagtala ng mga gawaing kasangkot ang komunidad na may mean na 3.98 at Kabisaan sa paglikha ng positibong kapaligiran sa loob ng paaralan na mayroong mean na 4.40.

2. Ang lebel ng Metakognitibong kamalayan sa mga estratehiya sa pagbasa ng mga mag-aaral ng edukasyong pansekundarya ng UM Panabo College ay nakakuha ng grand mean na 4.32 na may katumbas na paglalarawan bilang napakataas. Ito ay nangangahulugan na ang mga mag-aaral ay may napakataas na kamalayan tungkol sa mga estratehiya sa pagbasa. Ito ay binubuo ng mga pangkalahatang estratehiya sa pagbasa na mayroong mean na 4.29; mga estratehiya sa pagtugon sa suliranin na

mayroong mean na 4.39; at mga pansuportang estratehiya sa pagbasa na mayroong mean na 4.29.

3. Ang P-balyu sa pagitan ng Kabisaan ng Guro at Metakognitibong Kamalayan sa mga Estratehiya sa Pagbasa ay 0.000 na mas mababa kaysa 0.05 lebel ng pagkamakabuluhan. Kung kaya't ang *null hypothesis* na nabanggit sa unang kabanata ay hindi tanggap. Ang r-balyu ay 0.709 na nagsasaad ng mataas na ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol.

Mga Konklusyon

Base sa mga naging resulta, narito ang mga sumusunod na konklusyon:

1. Ang lebel ng kabisaan ng Guro ay napakataas pero sa lahat ng mga indikeytors nito, ang Kabisaan sa Pagdidisiplina ang nakakuha ng pinakamataas na pangkalahatang mean na nagsasaad na ang mga guro ay may napakataas na lebel ng kabisaan sa aspetong pagdidisiplina.

2. Ang lebel ng Metakognitibong Kamalayan sa mga Estratehiya sa Pagbasa ng mga Mag-aaral ng Edukasyong Pansekundarya ng UM Panabo College ay napakataas. Sa lahat ng indikeytors nito, ang Estratehiya sa pagtugon sa suliranin ang nakakuha ng pinakamataas na over-all mean na nagsasaad na ang mga mag-aaral ay may napakataas na lebel ng metakognitibong kamalayan sa paggamit ng ganitong mga estratehiya sa pagbasa.

3. Mayroong makabuluhang ugnayan sa pagitan ng Kabisaan ng Guro at Metakognitibong Kamalayan sa mga Estratehiya sa Pagbasa ng mga Mag-

aaral ng Edukasyong Pansekundarya ng UM Panabo College.

Mga Rekomendasyon

Base sa naging resulta ng pag-aaral, narito ang mga sumusunod na rekomendasyon:

1. Ang guro ay maaaring mag-organisa ng mga regular na gawain kagaya ng Family Day; Grandparents Day o PTA Meeting taon-taon. Sa pamamagitan ng pagsasangkot sa mga magulang sa ganitong mga gawain mas mapapalakas pa ang ugnayan sa pagitan nila at ng guro at mas malilinig pa ng guro ang kanyang kabisaan sa pagtala ng mga gawaing kasangkot ang mga magulang .

2. Ang mga mag-aaral ay dapat na makisangkot sa mga gawain na makapagpapataas ng kanilang kakayahan sa pag-unawa habang sinasanay ang kanilang mga sarili sa paggamit ng mga materyales kagaya ng diksyunaryo, *almanac*, *encyclopedia* at iba pa bilang pantulong sa pag-unawa nila sa mga mahihirap na teksto.

3. Para malinang pa ang kakayahan sa pagbasa, ang mga mag-aaral ay hindi dapat umasa lamang sa kabisaan ng guro sa pagtuturo. Dapat nilang ihantand ang kanilang mga sarili sa mga gawain sa labas ng paaralan kagaya ng pagbabasa ng mga pahayagan, *magazines*, aklat at iba pa na kung saan malaya silang makapagsanay ng kanilang kakayahan sa pagbasa at pag-unawa at maiaplay ang mga estratehiya na mayroon sila sa pagbabasa.

4. Para sa susunod na mga mananaliksik na magsasagawa ng parehong pag-aaral, maaari silang gumamit ng mga baryabol na magsisilbing

50

modereytor para matukoy ang iba pang salik na may kaugnayan sa metakognitibong kamalayan ng mga mag-aaral sa mga estratehiya sa pagbasa.



TALASANGGUNIAN

- Ahmadi, M. et al., (2013).** *The Importance of Metacognitive Reading Strategy Awareness in Reading Comprehension.* Retrieved from https://www.researchgate.net/publication/273989234_The_Importance_of_Metacognitive_Reading_Strategy_Awareness_in_Reading_Comprehension on February 09, 2019
- Armored. et. al., (1976).** *Teachers' Self-Efficacy.* Retrieved from <https://www.google.com.ph/url/sa=t&source=web&rct=J&url=https://www.uky.edu/~eushe2/Pajares/RERTeacherEfficacy1998.pdf&ved=2ahUKEwiaroaKkK7gAhWHVbwKHZpBCX8QFjAAegQIARAB&usg=AOvVaw0394L658sUCBwtOXJtTnw> on February 09, 2019
- Asthan & Webb (1986).** *Self-Efficacy.* Retrieved from https://www.google.com.ph/url?sa=t&source=web&rct=j&url=http%3A%2F%2Fwww.sciepub.com%2Freference%2F46910&ved=2ahUKEwiCqvGaka7gAhVHVbwKHUyIBjMQFjACegQIAhAB&usg=AOvVaw3uQPRPUqS1jRm4GT1M5qyf&fbclid=IwAR2HOSdoNBRRcTr3ZRUTIKWMzg9-3o47z8Y1-YKVuCGmKyxMB_24ssiaKGw on February 09, 2019
- Bandura, A. (1994).** *Self-efficacy.* Retrieved from <https://www.uky.edu/~eushe2/Bandura/BanEncy.html> on February 09, 2019
